**PAMPUBLIKONG PAKIKIPAGPULONG SA PANUKALANG PAGSAPI AT MERGER**

Nirerepaso ng Attorney General ang isang transaksiyong kaugnay ang panukalang pagsapi at merger ng Children's HealthCare of California, isang California nonprofit na pampublikong benepisyong korporasyon (CHC), Children's Hospital of Orange County, isang California nonprofit na pampublikong benepisyong korporasyon (CHOC), Children's Hospital at Mission, isang California nonprofit na pampublikong benepisyong korporasyon (CHOC at Mission), Rady Children's Hospital and Health Center, a California nonprofit public benefit corporation (RCHHC), and Rady Children's Hospital San Diego, isang California nonprofit na pampublikong benepisyong korporasyon (RCHSD).

Ang RCHSD ay may-ari at nagpapatakbo ng 440-kamang pangkalahatang acute care na ospital, isang 24 na-kamang acute psychiatric na ospital, at isang 43-kamang skilled nursing na pasilidad na nasa 3020 Children's Way, San Diego, California 92123, na nagbibigay ng kapwa inpatient at outpatient na pag-aalaga para sa mga pediatric na pasyente, pati na ang iba't ibang outpatient at ibang medikal na serbisyo para sa komunidad ng RCHSD sa mga lokasyon sa kabuuan ng San Diego County, kabilang ang mga neonatal intensive care na yunit na nasa mga ibang lisensiyadong pangkalahatang acute care na mga ospital. Ang RCHSD ay designado ring Level I pediatric trauma center at pangunahing pediatric na sentro sa klinikal na pananaliksik.

Ang CHOC ay isang 334 na-kamang pangkalahatang acute care na ospital na nasa Orange, California na nagbibigay ng kapwa inpatient at outpatient na pag-aalaga para sa mga pediatric na pasyente. Nagpapatakbo ang CHOC ng isang Level I pediatric trauma center at apat na klinikal na institute center para sa kanser, neurosciences, orthopedics, at cardiac na mga serbisyo, pati na ilang mga klinika ng komunidad sa Orange County. Ang CHOC at Mission ay isang 54 na-kamang pangkalahatang acute care na ospital para sa mga pediatric na pasyente, na nasa loob ng Mission Hospital sa Mission Viejo, California, at ito ay isang Level II pediatric trauma center na may mga medikal at pang-operasyong yunit, pediatric na intensive care yunit, at neonatal na intensive care yunit.

Sa ilalim ng kasunduan sa pagsapi at merger na may petsang Disyembre 17, 2023, magme-merge ang CHC sa at papunta sa RCHHC, na magreresulta sa RCHHC na solong pangkorporasyong miyembro ng CHOC, CHOC at Mission, at RCHSD, pati na mga ibang subsidiyarya. Ayon sa mga partido, ang layunin ng transaksiyon ay para magtaguyod ng pinagsamang sistema sa paghahatid ng pag-aalaga sa kalusugan para mapadami ang access sa at mapabuti ang mga kalalabasan at kalidad ng pag-aalaga sa kalusugan para sa mga komunidad ng CHC at RCHHC, at mapalawak ang mga kawanggawang aktibidad ng CHC at RCHHC. Ang panukalang nonprofit na transaksiyon sa ospital ay nirerepaso ng Attorney General ayon sa inaatas ng Corporations Code seksiyon 5920 et seq.

Magsasagawa ang Attorney General ng mga pampublikong pagpupulong sa Agosto 20, 2024 ng 10:00 AM, sa Multipurpose Room sa San Diego Continuing Education North City Campus, na nasa 8355 Aero Drive, San Diego, California 92123, at sa Agosto 22, 2024 ng 10:00 AM, sa hearing room ng Orange County Transportation Authority, na nasa 500 South Main Street, Orange, California 92868. Ang layunin ng mga pampublikong pakikipagpulong na ito ay para makatanggap ng mga komento sa panukalang pagbabago sa pagkontrol at pamamahala at para isaalang-alang ang hinandang Health Care Impact Statement ng isang consultant na inugnay ng California Attorney General. Bago ang pampublikong pakikipagpulong, makukuha ang Health Care Impact Statement sa website ng California Attorney General sa http://www.oag.ca.gov/charities/nonprofithosp.

Ang mga tao ay maaari at hinihikayat na ipaalam ang kanilang mga pananaw sa panukalang transaksiyon sa pampublikong pakikipagpulong o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay kay Roma Patel, Deputy Attorney General, sa telepono sa (213) 269-6326, sa email sa Roma.Patel@doj.ca.gov, o sa koreo sa 1300 I Street, Sacramento, California, 95814. Ang deadline para sa pagtanggap ng mga nakasulat na komento ay sa Agosto 23, 2024.